# FACT SHEET - TUBERCULOSIS

Landessanitätsdirektion für Tirol

Tagalog / Philippines

**Mabuhay**

Magandang araw. Gusto ko kayong bigyan ng impormasyon tungkol sa sakit na tuberkulosis. Ang iba pang tawag sa sakit ay TB. Sa bawat taon ay milyon-milyong tao ang naapektuhan ng sakit na ito. May ilang mga pagkakaiba-iba kung paano pamahalaan ang sakit na ito sa ibat ibang bansa. Ito ay sa kadahilanang iba't iba ang kaalaman ng bawat bansa tungkol sa sakit na tuberkulosis dahil halos karaniwan lang ang sakit na ito sa ibang bansa at sa iba naman ay bihira.Higit pa rito, mayroong mga pagkakaiba sa mga tauhan at pinansiyal na mga mapagkukunan na inilalaan sa paggamot ng tuberkulosis. Ang ilan sa mga impormasyon na ibibigay ay maaaring hindi tugma sa inyong sitwasyon. Gayunpaman, ang lahat ng mga pasyente na may tuberkulosis ay may isang bagay na pagkakapareho: ito ay di makakalimutang karanasan. Nagbabago ang buhay ng mga taong nagkakaroon ng sakit na ito. Ang mga impormasyong ibibigay ay makakatulong sa pag-intindi ng sanhi ng tuberkulosis, paano ito matutuklasan at paano ito gamutin.Kung ikaw ay may sakit na tuberkulosis ay taus puso akong umaasa na ikaw ay gumaling agad.

**Sintomas**

Ang panghihina ng ating resistensya ay pwede humantong sa pagkakaroon ng sintomas ng tuberkulosis. Mabagal ang pagprogreso ng sakit na ito, kapag naramdaman na nila ang mga sintomas ay dun lang sila magdedesisyon na pumunta sa doktor. Ang mga ilang sintomas ay matagal ng paguubo, lagnat, pamamawis sa gabi at pangangayayat. May mga ilan na sa sobrang pagpapawis ay nakakailang palit ng damit sa gabi. Ang iba ay ilang kilo ang nababawas. Ikaw ay makakatulong sa iyong mga kaibigan at pamilya sa pamamagitan ng pagturo sa kanila ng mga sintomas ng sakit. Sabihin sa kanila ng kailangan magpatingin kapag sila ay nakaranas ng ubo ng ilang linggo, lagnat, pamamawis sa gabi at pangangayayat.

**Tsansang gumaling**

Malaki ang pag-asa ng paggaling ng mga tao na may tuberculosis. Bagamat, importanteng inumin at kumpletuhin ang buong gamutan. Kapag biglaang hininto ang pag-inom ng gamot o hindi iniinom ng regular maaaring bumalik ang sakit at lalong mahirap gamutin . Ang mahabang gamutan ay kinakailangan kahit na makaranas na ng magandang pagbabago sa kalusugan pagkatapos ng ilang linggo at hindi na makita ang bakterya sa mga laboratoryo. Ito ay dahil may iilang organismo parin ang patuloy na nasa katawan. Itong mga "nakatagong" bakterya ay mapapatay lamang kung sa tamang gamutan na nirekumenda ng inyong doctor. Ang paghinto ng paninigarilyo ay isang paraan kung saan mapabuti ang pag-asa ng paggaling. Mayroong ibang anyo ng tuberculosis na nakakaapekto sa utak at sa paligid nito kung saan mas delikado at nakamamatay kung kaya't ang agarang pagsususri at gamutan ay mahalaga, para sa magandang resulta. Ang kalagayan ng kalusugan at ilang karamdaman o impeksyon ay maaari din makaapekto sa resulta kagaya ng human immunodeficiency virus (HIV) maging ang ilan pang karamdaman. Ang mga taong may tuberculosis na hindi tinatablan ng pangunahing mga gamot ay mas mahirap gamutin at may mas mababa na pag-asang gumaling. Ito ay dahil limitado lamang ang lunas at gamot na maaaring ibigay ng doktor at maaaring magdulot ng ilang hindi magandang epekto. At ang ilang gamot ay hindi makikita sa ibang bansa. Ito ay isa din sa mga rason kung bakit ang pag-asa ng paggaling ay iba iba sa bawat bansa.

**Pag-iwas sa Paghawa**

Hanggat ang bakterya ay inilalabas tuwing umuubo, maaaring makahawa ito sa iba. Kaya kailangan takpan ang iyong bibig ng panyo kapag humahatsing o umuubo. Huwag ipahiram sa iba ang iyong panyo. Itapon ang gamit na tissue sa basurahan, huwag itong ilagay sa bulsa. Kapag walang tissue o panyo maaaring manggas o siko ang pantakip kapag humatsing o umubo. Huwag dumura kung saan saan, gumamit ng tissue para rito. Sa mga pasyenteng nakakahawa, sila ay kailangan magsuot ng proteksyon sa mukha na sumasaklaw sa ilong at bibig kapag humaharap sa ibang tao. Kailangan ding madalas na nakabukas ang bintana ng iyong kwarto para sa bentelasyon ng hangin at masikatan ng araw. Mahalagang mahanginan ang iyong kwarto para ang bakteryang nakalutang sa hangin ay di makahawa sa iba. Sa ganitong sitwasyon, ang nga bibisita sayo ay kailangan magsuot din ng proteksyon. Ito ay espesyal na lisensiyadong maskara na akma sa standard FFP2 o N95 na pamantayan. Ito ay pumipigil sa bakterya na ating malanghap at nagbibigay ng magandang proteksyon para sa iyong mga kaibigan at kamagnak na bibisita sayo.

**Pagbubukod**

Hangga't ikaw ay nakakahawa sa iba ay kailangan mong sundin ang mga ilang patakaran para di makahawa sa iba. Sa ibang bansa maaaring di ka paalisin sa iyong kwarto sa ospital. At di ka rin papayagan na lumabas sa ospital hanggat ikaw ay nakakahawa pa. Dapat kumpleto ka ng mga pangangailangan mo sa iyong kwarto sa ospital. Sa ibang bansa, partikular na sa mga lugar na maraming tao ang nagdudusa sa tuberkulosis, ang pasyente ay di naman kailangan manatili sa kwarto. Sila ay pinapayagang maglakad lakad sa labas o umuwi sa bahay. Kaya lang may isang patakaran sa lahat: kapag ikaw ay nakakahawa, ikaw at ang iyong bisita ay kailangan magsuot ng proteksyon para maiwasan ang impeksyon. Aplikado rin ito kapag umalis ka ng iyong kwarto. Kailangan mong siguraduhin na ang proteksyon ay sakop ang iyong ilong at bibig. Ito ay dapat nakalapat ng maigi sa iyong mukha para hindi makapasok ang hangin. Ang doktor o nars ay magtuturo kung paano gamitin ang proteksyon na tinatawag na particulate respirators.

**Pangkalahatang kaalaman kaugnay sa gamutan**

Ang tuberkulosis ay nagagamot sa pamamagitan ng mga kombinasyon ng mga ilang antibiotiko. Sa karamihan ng mga sitwasyon, ang sakit ay napapagaling at walang natitira. Ang gamutan ay tumatagal ng ilang buwan at nangangailangan ng malakas na pangangatawan. Iinumin mo ang mga tableta ng ilang buwan. Ang gamutan ay nagsisimula sa tinatawag na intensve phase na tumatagal ng dalawa hanggang ilang buwan. Sa panahon ng gamutan ikaw ay gagamutin ng apat na gamot, habang kaunting gamot na lang ang kailangan sa maintenance phase. Para mabawasan ang mahabang gamutan, ang tinawag na fixed dose combination ay meron na sa ilang mga bansa. Ibig sabihin sa isang tableta ay meron ng dalawa hanggang apat na gamot. Ngunit sa ilang bansa ay wala pa nito. Ang mga pasyente nila ay umiinom pa rin ng ilang tableta araw araw. Kahit ito ay madali, mahalaga pa rin na inumin ang iyong gamot araw araw. Pag hindi regular ang pag-inom ang gamutan ay hindi magiging matagumpay. Ang bakterya ay magpaparami muli at magkakaroon ng resitensya sa gamot. Ito ay hahantong sa mas komplikado at matagal na paggagamot. At pinakamasama, ang sakit ay maaaring hindi na magamot at makamatay.

**Kontribusyon ng bawat pasyente para sa kanilang paggaling**

Makakatulong ka sa iyong paggaling sa pagsunod ng mga simpleng hakbangin. Mahalagang huwag manigarilyo. Mabilis ang paggaling ng mga taong hindi naninigarilyo. Makakatulong din na makalanghap ng sariwang hangin at ang pag

papaaraw paminsan-minsan. At ang pinakamahalaga ay ang regular na pag-inom ng gamot. Huwag na rin gumamit ng ipinagbabawal na gamot at pag-inom ng alak. Ang paggamit ng ipinagbabawal na gamot at pag-inom ng alak ay nakakababa ng resistensya ng katawan. Maaaring magtanong sa doktor kapag hindi mo kayang huminto sa iyong bisyo. Ito ang katiyakan na ang paggaling sa Tuberkulosis ay mas mabilis.

Name der Bezirksverwaltungsbehörde:
(name of district administrative authority)

Datum, Unterschrift
(date, signature)

Name des Patienten:
(name of patient)

Geburtsdatum:
(date of birth)

Datum, Unterschrift
(date, signature)

App with text-to-speech function for Apple iOS and Android for
www.explaintb.org